


**Abstract**

When the series of COVID-19 lockdown began in Manila, the government touted a bayanihan approach to healing. Yet implementation by a largely police, military officials, and their assets proved ruinous, even fatal, for many Filipinos, even as those in power were craven in showing sympathy and selfish in taking advantage of the crisis for their own greedy motives.

**Keywords**

COVID-19, government abuse, new normal, infection, pandemic life

**English title**

Cruelty Masquerading as Sympathy: The Long Arm of COVID-19

# MALASAKIT BILANG MASKARA NG LUPIT: MAHABANG KAMAY NG COVID-19

**ROMULO P. BAQUIRAN JR.**

HINDI KO NA nagawang sumali sa panic buying na nangyari sa Robinsons Supermarket sa bisperas ng lockdown noong Marso 19, 2020. Hindi ko gustong makisiksik sa mahabang pila ng shopping cart at maghintay nang ilang oras bago makalabas bitbit ang pinamili. Mas titiisin ko na lang na magutom kaysa mamatay sa inis. Hindi ko inisip na simula ang tila karaniwang araw na iyon ng isang naiibang panahon. Sa labas may trapiko sa Tandang Sora, gitgitan sa pagliko papasok ng daang Himlayan-Banlat, at naroon pa rin ang mga hilera ng traysikel para sa mga pasaherong nagmamadaling makauwi sa kani-kanilang subdibisyon. Pati si Manang ay kampante sa pagpiprito ng pisbol sa harap ng 7-11 habang may ilang tumutusok ng alok niyang mainit na meryenda. Hindi pa nga ito ang mukha ng pandemya. Sa isang stall sa loob ng supermarket, wala pa raw anawnsment ang management kung ano ang mangyayari sa kanilang mga tenant sa gusaling RMR. Si Manang na nagtitinda ng mga kakanin, ang nasabi na lang, “malamang

magsara na muna kami," na para bang normal lang na pangyayari iyon. Kagaya lamang ng kampanteng pahayag ni Pangulong Duterte na matatapos ang pagkukumahog at pagkagimbal sa di-nakikitang virus (beerus ang sabi niya) pagdating ng Mahal na Araw. Kinapos na lamang ang ilusyon ng normalidad na pinanghawakan ko rin nang dinaanan ko ang mini-grocery sa kalye Kalayaan malapit sa bahay. Nagkaubusan na ng alkohol doon. Dati ay walang pumapansin sa shelf ng bote-botelyang antiseptiko. Pero nang araw na iyon, singhalaga ng ginto ang klarong likido na nasimot na ng mga natarantang mamimili.

Magkakaroon ng ilang daluyong ng iba-ibang bersiyon ng lockdown na parang patalastas ng bagong sabong panlaba o suplementong bitamina para sa mga lumalaking bata. Ikababansot ito ng buhay-Filipino sa antas na pansarili, pampamilya, pangkomunidad, pangrehiyon, at pambansa sa loob ng dalawang taon. May ekonomistang nagsabing pag-isipang mabuti sana ang pagsasagawa ng lockdown. Bilyon-bilyong piso ang mawawala sa pangyayaring ito. Mararanasan ng Filipino ang isa sa pinakamahaba at pinakamalupit na serye ng lockdown sa buong mundo. Marami ang magbubuwis ng buhay hindi lamang dahil sa mismong COVID-19 virus kung hindi dahil din sa magulong palakad ng mga ahensiya ng gobyerno at walang malasakit na pamumuno ni Duterte, na kung ano-ano ang iniimik na hindi nakapagbibigay ng kailangang pampatahan sa alalahanin ng mga mamamayan. Lalong naagrabyado ang karaniwang Filipino sa mga pahayag niya. Siya ang punong pagmumulan ng mga alituntunin sa panahon ng krisis. Lilitaw pang sinamantala niya at ng mga kasapakat (tingnan na lamang ang kaso ng Pharmally) na pakinabangan ang krisis sa halip na alalayan ang nakararami gaya sana ng motto ng kanyang programang Bayanihan: We Heal as One. Ang nangyari nga ay talagang ang pauyam na We Heal Aswang. Literal na kinain ang katawan at kalooban ng Filipino.

Napakatinding ligalig ang idinulot ng COVID-19 sa lahat. Walang nakakatulad na penomenon na dinanas ng Filipino sa nakaraang isang siglo. Malayo na ang alaala ng Spanish flu (na matindi rin ang epekto sa bansa noong 1918-1919). Maging ang kolera ng 1961 ay isa na lamang malabong alaala sa mga edad sitenta pataas. Isang salita lamang ang naiwan sa pandinig na binabanggit ng mga dumaan sa panahong iyon: *el tor*. Kaugnay ng karakter ng DC Marvel na si Thor, ang bathala ng kidlat, mangyari'y parang munting kulog ang tunog ng hilab ng tiyan ng may kolera. Kumukulo ang tiyan hindi dahil sa gutom kundi sa epekto

ng mikrobyo na angaw na tumatahan sa rabaw ng bituka. Maingay na parang ipinagbubunyi ang paglukob sa sistemang pantunaw ng katawan ng madalas ay batang kumain o uminom ng marumi at impektado. Nang nakaraang dekada, nagbanta ang epidemya ng bird flu at swine flu sa antas na global. Mabuti at nasawata ang pagkalat ng mga ito sa ground zero pa lamang. Hindi umabot sa Pilipinas.

Sa mga unang yugto ng pandemya, pinatitindi ang hilakbot na dulot ng COVID-19 ng kawalan ng bakuna o lunas dito. Hindi kilala ng immune system ang bagong sakit. Walang laban ang tao. Nakamamatay. Kapag nahawa ka, nakahantad sa kawalang kasiguraduhang proseso ng paghilom. Pangiliti lang ang suob, pantanggal sa sintomas ngunit hindi sa virus. Ang katawan mo lamang at ang likas na lakas o kahinaan nito ang sandata. Parang nakahimpil ka lamang saka maghihintay sa resulta ng labang palagiang nakaamba sa iyo. Nakapanghihilakbot ang nangyari sa Codogno, Italya, na lansakang namatay ang halos dalawang libong magkakamag-anak at magkababayang matatanda ang karamihan. Iyon nga ang sinasakyan ng virus upang lumaganap: ang pagkamatalik ng espasyo ng magkapamilya, magkaibigan, at batayang ugnayang pantao. Hindi maiiwasan sa harapang talastasan ng tao na magkalanghapan ng hininga. Naninirahan sa espasyo ng kulob na tahanan. Ito na nga ang katwiran ng lahat ng pamamaraang mailalapat upang mapigil ang pagkalat ng virus. Kailangan ang ganap na pag-iwas sa malapitang interaksiyon at pagsusuot ng protektibong kasuotan kung kailangan. Ito na nga ang mulaan ng hinagpis sa pinakasadsad na antas. Hindi puwedeng makita ang may sakit upang gawin ang ritwal ng pagmamahal, ng pag-aalala, at ng kahit huling pamamaalam. Kahit ang mga pang-araw-araw na ugnayan ay biglaang hindi na puwede. Isa na itong ganap na pandemya. Ang nababalitaang mahigpit na lockdown sa lungsod ng Wuhan ay agarang narito na sa Maynila. Naging bahagi ng pamumuhay sa loob ng dalawang taon. (At patuloy pa ngayong 2022).

Noong una, hindi kilala ang mga pasyente at matutukoy lamang sa numerong inasayn sa kanila. Hanggang sa mabalitaan na lang ang hinagpis ng mga anak ng matatandang naunang naigupo ng COVID-19. Nakahihilakbot ang karanasan ng pagkawala ng kakayahang huminga at mapailalim sa awtomatikong mando ng ventilator, ang ma-intubate at maplasta sa kama nang matagal. Hanggang sa kakilala mo na ang pangalang nasa balita: si Howie Severino.

Naging ibayo ang iyong pag-iingat. Sinunod mo ang atas na huwag lumabas. Pumunta ka sa barangay para humingi ng barangay pass. Bumili ng face mask at face shield at isinuot ang tambalang ito sa bawat paglabas. Nagtambak ng alkohol sa bahay at nagdala ng maliit na atomizer kahit saan magpunta. Panibagong buhay ito ng online class para sa mga titser. Work at home sa mga empleyado. Nagamit ng administrasyong Duterte ang kahingian ng pagpupulis sa mamamayang ginigipit ng pandemya ang tendensiya nitong awtoritaryan. Naging katwiran ang paghihigpit na medikal para makapagmalupit at makapagsamantala gamit ang estilong militar. Magtataka pa ba na mga pulis at sundalo ang pangunahing galamay para maisakatuparan ang mga polisiya ng Inter-Agency Task Force (IATF)? Kunwang nasa pamumuno ito ng Department of Health pero dominanteng mga miyembrong ahensiya ang Philippine National Police, Department of National Defense, at ang National Security Adviser na si Hermogenes Esperon Jr. na batikan sa paglabag sa karapatang pantao. Militari sa metapora (hindi nakikitang kaaway), militari ang implementasyon (shoot them) samantalang medikal at panlipunan ang problema. Iginiit sana ng DOH ang prinsipyo ng epidemolohiya at pangingibabaw ng pamumunong sibilyan at hindi pinabayaang manguna ang kinatawan ng army at pulisya. Pero kabaligtaran ang nangyari na humantong sa maraming nakalulunos na danas ng taumbayan.

May dokumentong kaugnay ng COVID-19 protocol ang San Francisco na ipinasalin sa akin sa Filipino. Marami kasing Filipino sa dakong iyon ng Estados Unidos. Gabay iyon sa implementasyon ng mga tuntunin para maiwasan ang pagkalat ng sakit sa mga county ng estado. Ang nakakahanga at halos hindi ko mapaniwalaan ay ang kabaitan ng gabay. Wala ang mga curfew. Wala ang mga day pass. Sinasabi lamang na mag-stay at home hangga't maaari at kung hindi maiiwasan ay gawin ang protokol ng social distancing at sanitasyon. Kung kasapi ka ng essential sector gaya ng food chain delivery, medical service, construction, at transportation, maaari kang makalabas at gawin ang mga tungkuling panlipunan. Walang mga checkpoint at walang detensiyong nakaabang sa iyo. Kaibang-kaiba ng ginawa sa Pilipinas na parang nasa bootcamp. Matatandaan si Darren Peñaredondo ng Trias, Cavite, na pina-push-up ng pulisya nang 300 beses matapos malabag ang curfew (bumili lamang siya ng inuming tubig para sa pamilya) na ikinamatay nito kinabukasan sanhi ng sakit sa puso. Nariyan din ang

dating sundalong si Winston Ragos na binaril at napatay ng mga pulis matapos labagin ang tuntunin sa kuwarentenas at mapagkamalang mambabaril. Binugbog ng mga awtoridad ng Lungsod Quezon ang tinderong si Michael Rubuia habang naglalako ng isda sa Panay Avenue, mangyari'y nalimutang mag-face mask. May mga kaso ng brutalidad ng mga opisyal ng barangay sa Sta. Cruz, Laguna, na nagpasok sa mga nahuli pati bata sa kulungan ng aso. Mayroon ding pinagtripan ang mga nahuling kabataang bakla at pinuwersang gumawa ng kahalayan sa publiko.

Ang mga kasong ito ng pagmamalabis ng mga tagapagpatupad ng mahigpit at malupit na patakarang minaskarahang malasakit at bayanihan ay korelatibo kundi man sintomatiko ng pananaw-sa-daigdig ng pinunong walang nasa isip kundi ang pagtokhang at paglagot sa kapakanan ng mga diumano'y hindi gumagalang sa batas, habang lumalaklak ng Fentanyl at dumadakdak tuwing Lunes sa palabas na walang ikinaiba sa usapang lasing.

## Buhay-Pandemya

Hindi napahinto ang pagkalat ng virus sa pamamagitan ng bantang pag-ihi at paggasolina dito ni Duterte. Hindi talaga maaasahan ang isang púsong o komedyanteng pulpol para masugpo ang seryoso at mortal na pananalasa ng pandemya. Sa kabila ng kabulastugan ng pinunong hangal, nagpatuloy ang mamamayang Filipino sa magiting na pagharap sa pandemya. Ang sabi nga, wala tayong maaasahan sa pamahalaang ito. Kailangang magpatuloy na umaasa sa sarili at isa't isa. Sa kabila ng pang-aasar ng mga troll kung ano ba ang maiaambag mo sa krisis na ito, ang tulungan ng mamamayan na lamang ang ginawa. Pinaka-ikoniko na dito ang community pantry. Magandang idea na nga at inisyatiba ng mapagmalasakit na mamamayan, hinaras-haras at ni-red tag pa ng mga nasa kapangyarihan.

Nag-iba ang pamumuhay dahil sa pandemya. Hindi puwedeng lumabas nang basta-basta. Nababarikadahan ng mga barangay tanod ang kalye saka hahanapan ka ng pass kahit bibili ka lang ng pandesal sa kabilang barangay. Parang panahon ng Hapon lang. Sa gabi, hudyat ang pitada ng sirena sa pagsisimula ng curfew hours.

Nang maubos na ang laman ng personal ref ko, kailangan nang mamili sa Robinsons. Pero walang masasakyan. No choice kundi lakarin ang mahigit isang kilometrong layo. Nakakalunod ang suot na face mask

at hindi mo matatagalan ang required na face shield. Hindi akalain na ang mga ginagamit mong aksesorya ay bahagi ng bilyong kurakot ng Pharmally na may go-signal mismo ni Duterte. Iyan na nga ang malasakit na sinasabi.

Ang dating magiliw na guwardiya ng mall ay para na ring mahigpit na sentry. Hahanapan ka ng pass at kung mukha kang senior, ipapalabas ang ID mo para kapag nasigurong sisenta ka na pataas, sasabihang umuwi ka na. Mabuti at singkuwenta'y otso pa lang ako noon. Nakakabuwisit lang talaga ang walang hanggang pagpirma sa logbook o kapiraso ng form at pagsulat ng address, cellphone number, email, at pagtsek sa kahon ng "No" para masiguradong wala kang sintomas at walang kontak sa mga may sintomas sa nakaraang mga araw. Alam mong kailangan ito pero nakakasawa kapag dalawa o tatlong lugar ang sunod-sunod mong kailangang puntahan at uulitin mo sa bawat isa ang sulat-kamay na proseso. Lalo kung hindi mo alam gamitin ang QR code.

Mayroon namang ayuda na malaking supot na may limang kilong bigas, Ocean Tuna, Young sardines, instant noodles, at sandamukal na kapeng three-in-one. Puwede na kaysa wala. Sa tagal ng lockdown, dalawang beses lamang nagpamigay ng biyaya sa Distrito 6 ng Lungsod Quezon. Kung ito lang ang inaasahan mo, matagal ka nang namatay nang dilat hindi dahil sa sakit kundi sa matinding gutom at kawalan ng makakain.

Napakalaking ligalig din ang ibinunga ng pagkaligta ni Kalihim ng Department of Health Francisco Duque III na maagang pirmahan ang dokumento upang makatanggap ang Pilipinas ng batch ng bakuna mula sa Pfizer at Moderna. Disyembre 2020 o sampung buwan na ang pandemya sa panahong ito at walang maasahang paniguradong proteksiyon ang sinuman. Mas inuna pa ng mga opisyal ng administrasyon ang mga sarili, lihim na tumanggap ng bakuna (ilegal na nakuha) kaysa asikasuhin ang mamamayan. Walang pakundangan na nilabag ang mga restriksiyon sa kuwarentenas gaya ng kaso ni Sen. Koko Pimentel na nagpunta sa Makati Medical Center at nalantad sa pagkahawa ang maraming pasyente sa ospital sa panahong kinakitaan na siya ng mga sintomas. Lalo naman ang pamosong kaso ng pagmanyanita kay Major General Debold Sinas na nagdiwang ang mga kawani at kaibigan habang walang social distancing at di nagsuot ng face mask, bukod pa na nasa isang kulob na venue sila. Kahit ang kakosang Sen. Ronald "Bato" Dela Rosa ay nagpahayag ng batikos sa nangyaring walwalan.

Ito na ang punto sa mga pagmamalabis ng mga nasa kapangyarihan: Bakit kapag sila ang lumabag ay madaling mapatawad o pinalalampas na lamang samantalang kapag karaniwang mamamayan ay minamaltrato, hinihiya, pinahihirapan, at sukdulang umaabot sa walang habas na pagpatay? Ang malasakit ay higit na ipinagkakaloob hindi sa taong may kakayahang pangalagaan ang sarili kundi doon sa talagang walang kapangyarihan at umaasa sa bait ng kapwa. Ang pagtulong ay pahayag ng pinakamarangal na bahagi ng pagkatao. Dito nagkakaisa at nasisiyahan ang pagtatagpo ng damdaming panlipunan. Nabubuo ng dalawang panig ang papel na ginagampanan upang makompleto ang timbangan ng malasakit. Kabaligtarang moralidad ang ipinapakita ng kabiguan ng administrasyong Duterte o pagpili nitong hindi ito ipagkaloob sa nahihirapang Filipino.

May isang tanggapan ang gobyerno na nakapag-ambag nang mabuti sa pagharap sa pandemya. Tunay na nagpahayag ng malasakit. Ito ang opisina ng Pangalawang Pangulo Leni Robredo. Bagama't hindi bilyon ang badyet, tuwiran sa mamamayan ang bisa ng mga gawain. Sa mga unang buwan ng pandemya, umorder ito at ipinagamit sa marami ang coronavirus test kit na gawa ng Filipino mula sa nakabase sa Unibersidad ng Pilipinas na National Institute of Health. Nakakatuwa na nakagawa ang siyentistang Filipino, sa pangunguna ni Dr. Raul Destura ng mabilis na paraan at sa mas murang halaga ng test kit para sa COVID-19. Nagsuplay din ang tanggapan ni VP Robredo ng mga de-kalidad at gawang Pinoy na mga PPE sets para sa mga frontliner. Marami pang proyekto si VP Robredo gaya ng E-Konzulta, Bayanihan E-skwela, at TrabaHOPE na sumalo sa pangangailangan ng marami sa panahon ng pandemya.

Nakakaginhawa rin ng pakiramdam na may mga kaso ng karaniwang tao na nag-ambag ng kanilang makakaya. Gaya na lamang ng magsasakang nagbigay ng ani ng kanyang taniman sa mga frontliner. O mga kabataang nagdeliver ng relief goods sa kanayunan. Mayroon ding mga manininda na hindi kailanman nagtaas ng presyo ng kanilang inilalakong saging para makatulong sa kanilang mga suki. Isang mama ang nagboluntaryong siya na ang magsilbing tagabili ng resetang gamot ng kaniyang mga kapitbahay na may sakit. Mga simpleng akto ito ng pakikipagkapwa at pagtulong na bukas-pusong ginawa ng karaniwang Filipino. Hindi pumasok sa kanilang isip na samantalahin ang sitwasyon para makapanlamang. Hindi gaya ng mga nasa poder na bilyong raket

ang pinagkaabalahan.

Sa Brgy. Pasong Tamo na tinuluyan ko, nagsikap ang mga kapitbahay na mabuhay sa gitna ng limitadong pagkakataon para kumita. Tumigil sa pagpasok ang marami. Nagbukas ng karinderya ang ilan; may nagbenta ng prutas, diapers, bigas, gulay, kakanin, at mga pang-araw-araw na pangangailangan ng pamilya. Pagkain ang karamihan. Depende sa oras ng araw. Sa umaga, may nagbebenta ng lugaw, tsamporado, pansit, ispageti, at sandwiches. May sumubok na magnegosyo ng letsong manok, barbecue, at sisig pagdating ng gabi. Hindi ako gugutumin kahit may krisis. Patuloy lang ang maliit na grocery at botika sa kanto. Huwag lamang sanang tamaan kami dito ng outbreak. Laging naka-face mask at face shield ang lahat. Sinisiguro ng barangay na sumusunod ang lahat sa protokol. May naglilibot na van ang konsehal na si Banjo Pilar para manmanan ang mga hindi sumusunod. May mga nasitang hindi nagsusuot ng face mask kaya sama-sama silang dinampot at dinala sa barangay hall, nilektyuran sa halaga ng protokol at pinagmulta ng P500. Iyon nga lang, ang mismong barangay ang nagsiksik sa kanila sa masikip na van. Hawa-hawa na kung may impeksiyon ang sinuman sa kanila. Malaking balintuna na habang inilalapat ang tuntunin ng medikal na protokol, nilalabag din ito.

Sa sobrang takot na mahawa at magkaroon ng full blown na COVID-19, estrikto kong sinunod ang prinsipyong stay at home. Nababalitaan ko ang mga hindi kilalang tao—kadalasan sa Facebook at mga artikulo sa mga online na magazin at diyaryo—kung paano ang danas sa sakit. Pinakamatingkad ang testimonya ng isang binata na nahawa sa mismong lungsod ng Wuhan: kung paanong sumakit nang matindi ang kanyang mga buto at lalamunan, inapoy ng lagnat, at hindi makakilos ng ilang araw. Hindi naman niya dinanas ang pulmonya pero pinakamabigat ang pakiramdam na baka niya ikamatay habang nagdurusang mag-isa ang kakatwang sakit. Sa Maynila, unang hilakbot na kasong tumatak sa akin ang nangyari sa isang may edad na nakatatandang ama na inabot ng grabeng pulmonya, na-intubate, at hindi man lang masaklolohan ng ulirang anak na babae, at pinayuhan ng mga doktor na huwag nang lapitan ang ama kahit sa sandaling mapupugto na ang hininga ng mahal sa buhay. May pamilya namang naging napakaingat pero nasalisihan ng kasambahay na galing sa labas at siyang carrier ng virus at nanghawa sa buong pamilya. Nakakabawas ng ligalig ang kasong ito kahit paano dahil nakaligtas ang lahat ng miyembro. Puwede naman

palang makalusot sa pikot ng sakit na ito. Nakakapanlumo lamang ang gastusin sakaling magkaroon nito. Halimbawa, umabot nang halos P5 milyon ang bayarin ng pamilya ng dating Senador Heherson Alvarez sa pagpapagamot sa kaniya. Hindi ito kakayanin ng mahirap na tao. Hindi gugustuhin ninuman na magkasakit at maubusan ng naipon sa bangko kung mayroon man, o pahirapan ang pamilya na mangalap ng pondong ipanliligtas sa nagkasakit. Ito ang sinasabing nakadagdag sa ligalig ng isang kabarangay na nagka-Covid na hindi pa man nadadala sa ospital ay inatake na sa puso na siya niyang ikinasawi. Bago magkasakit, nadenggoy siya ng malaking halaga sa investment scam na umubos sa isang milyong ipon sa pagreretiro.

Sa mga naunang nagkaroon ng Covid, malaking palaisipan kung saan o kung kanino nakuha ang virus. Matay man nilang isipin, wala silang maaalalang eksaktong lugar ng impeksiyon lalo pa at maraming lugar silang pinuntahan. Isa lamang ang sigurado, nasisinghot ito sa hangin na inilabas ng estrangherong may Covid. Ganoon na nga ang nangyari sa lahat ng dako. Astronomiko ang pagdami ng kasong umaabot ng angaw-angaw araw-araw sa kasagsagan ng pandemya. Nakakapanghinang malamang nahawa ang ilang kaibigan. Sisikapin mong makatulong sa pamamagitan ng pag-ambag ng munting halagang makakaya. Salamat sa kumbinyenteng Gcash, Palawan, at Cebuana. Ipagdarasal sila na malampasan ang amba ng panganib pero lalo pang maluluha na lamang sa panghihinayang na sa ikatlong araw ay malalamang namaalam na pala. Nakakarindi ang bilis ng hatak ng kamatayan. Ang kaibigang si Riel ay nagpaskil ng huli niyang mensahe sa Facebook: "Putang ina mo Wuhan!" pero ilang araw lamang ay kinabig na siya ng kabilang buhay. Hindi matapos-tapos ang dalamhati sa sirkulo ng mga kaibigan. Pinapalubha pa ito ng siksikang mga ospital, ang pinakatanging lugar ng kaligtasan. Namanhid na sa kamatayan ang mga nasa serbisyong punerarya na may kasong napagpalit na ang mga bangkay at magugulat na lamang ang pamilya na hindi ang kanilang pinakamamahal ang ipinagluluksa nang buksan ang ataul. Napakalupit na biro ng kapabayaan. Maaari bang ituring na ang luhang itinigis sa estranghero ay isang uri ng matayog na pakikidalamhati sa kapwa?

Nang bumaba na sa Alert Level 2 ang istatus ng pandemya sa Metro Manila bandang huling kuwarto ng 2021, nagsimula na rin akong lumabas-labas. Nakapagbakuna na ako ng Sinovac sa kalagitnaan ng taon dahil sa priority status ng isang matanda at may komorbiditing

altapresyon. Kapag nagpo-post ako ng food porn kasama ang mga kaibigang sabik na ring kumain sa labas, marami ang mga hypochondriac na nagkomentong "labas nang labas, ingat kayo." Medyo nagrelaks na nga ako sa panganib ng Covid. Bumibiyahe na sa dyip at madalas mamalengke sa wet market. Hindi naman na siguro ako mahahawa. Kung mahawa man, mild lang naman daw. So ayun, nawala na ang takot ko. Isang malaking pagkakamali. Pagkatapos ng pagseselebreyt ng Pasko, nakaramdam ako ng lagnat. Hindi ko lang muna pinansin. Tapos, hindi nawawala. Sumakit pa nang todo ang lalamunan ko. Hindi pati ako makakonsentreyt sa binabasa ko. Kinabahan na ako. Putsa Covid na yata ito. Sabi ng kaibigan ko baka trangkaso lang. Wala naman akong sipon, ang numero unong indikasyon ng karaniwang flu. Nagpunta na ako agad-agad sa isang diagnostic clinic sa Visayas Avenue. Nagpa-PCR test. Kesehoda na kung PhP1,500 ang nakulimbat sa wallet ko. Kinabukasan pa ang resulta, sa email na lang daw. Hindi ako makatulog nang gabing iyon. Alas-kuwatro pa lang ng umaga binuksan ko na ang Gmail account ko. Iyon na pala ang Covid. Baka ikamatay ko ito. Ayaw ko. Matanda na ako pero ayaw ko pang matigok. Wala pa akong nagagawang mahalaga sa buhay. Kailangan kong maireport ito. Ibinalita ko ang nangyari sa akin sa malapit kong kaibigan na may nanay na coordinator ng Covid event sa Krus na Ligas. Huwag daw akong kabahan kasi malamang na Omicron variant ang nakuha ko na mas madaling makuha pero hindi kasing bagsik ng Wuhan original. Katamtaman lang ang bigwas kung baga sa suntok. Apat na araw lang daw ay mawawala na. Sana naman. Tiningnan ko ang posibilidad na magpa-admit sa Bahay Kalinga sa UP. Pero sarado na. Tinext ako ng isang taga-Quezon City Epidemiology and Surveillance Unit (QCESU). Nakaka-tense naman iyong pangalan ng ahensiya. Big Brother effect. The walls are listening. "Sir be advised na mag-self quarantine. Huwag lalabas. May kasama po kayo sa bahay? Gaano kadalas po kayong dalawin ng kaibigan ninyo?" Hindi ko akalain na napaka-probing ng mga tanong. Naalala ko tuloy ang kumpesyonaryo ng mga fraile sa panahon ng Espanyol. "Noong nakaraang linggo, saan-saan kayo nagpunta? Sino-sino ang mga nakausap ninyo? Gaano katagal kayong nag-usap? Saan kayo nag-usap? Sa grocery lang ba kayo nagpunta? Hindi ba kayo nagpunta sa palengke? Anong mga seksiyon sa wet market ang pinamilihan ninyo? Bumili ba kayo ng gamot? Saang mga botika kayo nagpunta? May transaksiyon kayo sa bangko? May tao bang naging

intimate kayo?" Ito na ang contact tracing. Aaminin ko ba ang lahat ng ginawa ko? Sa ngalan ng agham kailangan kong umamin. Sinagot ko nang tapat ang lahat ng tanong kahit hindi na ako komportable. "Sir huwag muna kayong lalabas. Susunduin kayo ng ambulansiya anumang oras mula ngayon." Hindi ko akalain na ganito kabilis ang reaksiyon ng programang kontra-Covid sa Quezon City. Dadalhin ako sa center. Sinabi ko ang balak na pagpapa-admit sa kaibigang propesor. Sabi niya ay huwag akong pumayag. Mas delikado diumano sa Covid Center dahil wala namang mag-aasikaso sa akin doon. Sama-sama lang kaming may impeksiyon. Mas mabuting mag-self quarantine daw. Pero hindi ko na nagawang tumawag pabalik sa QCESU. Titiisin ko na lang ang posibleng diskriminasyon ng mga kalapit na yunit ng apartment na tinutuluyan ko. Hindi kaya ipasara ang compound at kalyeng kinalalagyan ko kapag narinig ng barangay ang wangwang ng ambulansiya ni Konsehal Banjo Pilar na susundo sa akin? Mailapat kaya ang bubble wrap sa lugar? Ma-intubate kaya ako? Nakaginhawa lang nang kaunti ang pagsugod ng kaibigan mula sa UP na nagdala ng digital na white corpuscle reader at thermometer, bukod sa sandamukal na pagkain at isang linggong suplay ng Berocca. Nanginginig na inabangan ko ang pagdating ng ambulansiya anumang oras. Sana totoo na mild lang ang epekto ng Omicron variant. Totoo ang sintomas na confusion. Nang bubuksan ko ang padlock sa gate para kunin ang ipinadalang ayuda ng kaibigan, ang tagal bago ko naisuot ang susi. Nakakalimutan ko kasi ang akto ng pagsusuot ng susi sa butas dahil siguro sa deliryong pakiramdam dulot ng lagnat, pananakit ng katawan, at napakatinding sore throat. Parang video na na-corrupt ang simpleng gawain; nabubura ang eye-hand coordination; halos imposibleng magawa ang micro-action ng pagpihit; at kailangang paulit-ulit na ibulong sa sarili ang mga salitang "kaya mo iyan" na para bang isyu ng buhay at kamatayan ang nakataya. Gigitilan ka ng pawis sa pagsisikap na matapos ang munting gawain. Pagod na pagod ka pagkaraan. Ang hirap tuloy ihanda ang sarili para sa nakaabang na pagpunta sa Covid Center. Napakatagal na nababanat ang oras. Pero dumaan na ang isang araw, wala namang wangwang na dumating sa aming lugar. Dalawang araw. Wala pa rin. Nakalimutan yata ang kaso ko. Hanggang sa tumawag sa ikatlong araw ang taga-QCESU na nangumusta at mag-self-quarantine na lang daw ako. Ayun, no worries sabi ko. Bumuti naman na talaga ang pakiramdam ko at magba-Bagong Taon na wala nang Covid gayong naroong nakakapit

na parang sakal at hindi mawala-wala ang sore throat kahit lumaklak na ako ng bote-boteng lagundi syrup. Long Covid daw ang tumama sa akin. Napakahaba ng kamay ng isang ito at ang daming inumit na damdamin at katiwasayan sa mga biktima. Kay tagal na paghilom ang inaasahan natin sa bagong normal.